# USCIS
# Sangay ng Beripikasyon
# Patakaran ng Pagkapribado

Disyembre 22, 2008

# USCIS
# Sangay ng Beripikasyon
# Patakaran ng Pagkapribado

## 1. Ano ang layunin ng Sangay ng Beripikasyon ng USCIS?

Ang Sangay ng Beripikasyon ng Mga Serbisyo ng Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos (o United States Citizenship and Immigration Services, USCIS) ay kasalukuyang namamahala sa Mga Programa ng Sistematikong Beripikasyon ng Dayuhan para sa Pagbibigay-Karapatan (o Systematic Alien Verification for Entitlements, SAVE) at E-Verify. Ang dalawang programa ay isinasakatuparan ayon sa Batas ng Reporma at Pagkontrola ng Imigrasyon (o Immigration Reform and Control Act, ICRA) ng 1986.

**E-Verify**: Misyon ng Programang E-Verify Program ang paglalaan sa mga maypatrabaho ng mga kagamitan at mga teknolohiya na magtitiyak na ang kanilang mga empleyado ay awtorisadong magtrabaho sa Estados Unidos. Ang E-Verify ay isang libreng programa para sa mga pribadong maypatrabaho at mga ahensiya ng pamahalaan upang elektronikong matiyak ang pagiging karapat-dapat ng isang indibidwal na magtrabaho sa Estados Unidos. Ang programa ay isang samahan sa pagitan ng Administrasyon ng Seguridad Panlipunan (o Social Security Administration, SSA) at USCIS.

Ang mga maypatrabaho na lumalahok sa E-Verify ay magpapasimula ng mga pag-uusisang beripikasyon para sa lahat ng mga bagong tanggap na empleyado sa loob ng tatlong araw na bukas-ang-opisina-ng-maypatrabaho na nag-umpisa ang empleyado na pagtatrabaho. Kabilang sa Programang E-Verify ang mga beripikasyong pagsisiyasat sa pamamagitan ng mga database ng SSA at Departamento ng Kaligtasan ng Sariling-Bayan (o Department of Homeland Security, DHS), gamit ang isang awtomatikong sistema. Kung hindi matitiyak ng E-Verify sa elektronikong paraan ng pagiging karapat-dapat sa pagtatrabaho sa pinakaunang pag-uusisa, kukumpletuhin ng mga Tumutulong sa Pamamahala at Programa (o Management & Program Assistants, MPA) ang proseso sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga paghahanap sa mga sistemang DHS upang matiyak ang katayuan ng imigrasyon.

**SAVE**: Misyon ng Programang SAVE ang paglalaan sa mga ahensiya ng pamahalaan ng mga kagamitan at mga teknolohiya upang matiyak ang katayuan ng imigrasyon ng mga indibidwal na humihiling ng benepisyo. Ang Programang SAVE ay nagbibigay ng katayuan ng pagkamamamayan at imigrasyon sa mga ahensiyang pederal, estado, at lokal upang malaman ang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng mga imigrante at hindi-imigrante. Ang mga ahensiya at mga institusyon na nagkakaloob-ng-benepisyo na lumalahok sa Programang SAVE ay magsusumite ng mga kahilingan, sa elektroniko o manwal na paraan, upang matiyak ang katayuan ng imigrasyon. Kung kinakailangan ang dagdag na paghahanap, magsasagawa ang mga MPA ng paghahanap upang matiyak ang katayuan ng imigrasyon.

Sa hinaharap, ang Sangay ng Beripikasyon ay maaaring magsuporta at/o mamamahala ng dagdag na mga sistema at/o mga programa. Kung mangyayari ang mga pagbabagong iyon, ang Patakaran ng Pagkapribado ng Sangay ng Beripikasyon ay babaguhin kung kinakailangan.

## 2. Sino ang apektado ng programa?

Kapwa mga mamamayan at hindi-mamamayan ng Estados Unidos ang maaapektuhan ng mga programa o mga sistema na sinusuportahan o pinamamahalaan ng Sangay ng Beripikasyon. Dahil dito, kailangang protektahan ng Sangay ng Beripikasyon ang pagkapribado ng lahat ng mga indibidwal anuman ang kanilang pagkamamamayan habang pinoproseso niya ang kanilang personal na impormasyon. Alinsunod sa Memorandum ng Pamamatnubay sa Patakaran ng Pagkapribado ng DHS (o DHS Privacy Policy Guidance Memorandum) 2007-01, ang lahat ng mga indibidwal na saklaw ng USCIS, kasama na ang mga mamamayan at hindi-mamamayan, ay bibigyan ng mga proteksiyon sa pagkapribado na inilalaan ng Batas ng Pagkapribado (o Privacy Act) ng 1974.[1]

## 3. Papaano dagdag pang malalaman ng isang tao ang tungkol sa kung bakit kinakailangan ang kanilang personal na impormasyon?

Maaaring malaman ng isang indibidwal ang tungkol sa kung bakit kinakailangan ang kanilang personal na impormasyon sa pamamagitan ng Mga Pagtatasa ng Epekto ng Pagkapribado (o Privacy Impact Assessments, PIA) na inilalathala para sa Mga Programang E-Verify at SAVE, pati na rin sa mga PIA at Mga Pabatid ng Sistema ng Mga Rekord (o System of Records Notices, SORNs) na inilalathala para sa Sistema ng Beripikasyon ng Impormasyon (o Verification Information System, VIS), na nagsasagawa ng beripikasyon ng katayuan para sa dalawang programa. Kahit hindi ito partikular para sa Programang E-Verify, ang mga indibidwal na tumanggap ng alok sa pagtatrabaho, ay makakatanggap ng Pabatid ng Batas ng Pagkapribado (o Privacy Act Notification) kung nakumpleto nila ang Pormularyo I-9. Bukod pa dito, ang mga indibidwal na lumalahok sa E-Verify ay dagdag pang makakaalam tungkol sa kung paano ginagamit ang kanilang impormasyon sa pamamagitan ng impormasyon tungkol sa Programang E-Verify na makukuha online, mula sa maypatrabaho at USCIS.

Para sa mga indibidwal na napapasailalim sa beripikasyon ng katayuan sa ilalim ng Programang SAVE, ang isang Pabatid ng Batas ng Pagkapribado ay ibibigay sa pamamagitan ng VIS SORN. Ang VIS SORN ay magbibigay ng pabatid sa mga indibidwal na tinitiyak ang katayuan para sa mga layunin ng pagtanggap ng benepisyo o napapasailalim sa isang pagsisiyasat ng kasaysayan (o background check), at sa mga ikatlong-partidong indibidwal na maaaring nakalista bilang mga kontak, mga sanggunian, o mga kamag-anak bilang bahagi ng pagsisiyasat sa kasaysayan ng ibang indibidwal. Dagdag pa, itinatag ng Sangay ng Beripikasyon ang memorandum ng pagkakaunawaan (o memorandum of understanding, MOU) para sa mga ahensiya na lumalahok

[1] Department of Homeland Security, Privacy Policy Guidance Memorandum 2007-01 Regarding Collection, Use, Retention, and Dissemination of Information on Non-U.S. Persons, January 19, 2007 http://www.dhs.gov/xlibrary/assets/privacy/privacy_policyguide_2007-1.pdf.

sa Programa ng SAVE, na magsisiguro na ang mga ahensiya ay magiging tapat sa mga obligasyon na nilikha sa ilalim ng Batas ng Pagkapribado.

Sa hangganan kung saan nagbibigay ng beripikasyon ng katayuan ang Sangay ng Beripikasyon para sa ibang mga organisasyon (halimbawa mga maypatrabaho sa E-Verify, at mga ahensiyang pederal, estado, at pribado sa SAVE), isang pahayag ng pabatid ng Batas ng Pagkapribado ang kailangan ring ibigay ng organisasyon na pasiunang humiling at kumolekta ng personal na impormasyon ng isang indibidwal para sa isang sistema o rekord. Ang mga pahayag ng pagkapribado na ito ay kailangang tumugma sa mga pahayag ng Sangay ng Beripikasyon at kasama dito ang: awtoridad sa pagkolekta ng impormasyon, at isang paliwanag kung bakit kinokolekta ang impormasyon, paano gagamitin ang impormasyon, saan at bakit ibubunyag ang impormasyon, kung ang pagbubunyag ng impormasyon ay sapilitan o boluntaryo at ano ang magiging kahihinatnan ng hindi pagbunyag.

## 4. Anong impormasyon ang kokolektahin?

Kasama sa personal na impormasyon na kasalukuyang kinokolekta para sa mga layunin ng mga programang Beripikasyon ay, ngunit hindi limitado sa, pangalan, A-numero, numero ng bisa, numero ng pasaporte, numero ng seguridad panlipunan, petsa ng kapanganakan, petsa ng pagkatanggap sa trabaho at ang pinapahayag na katayuan ng pagkamamamayan. Nililimita ng Sangay ng Beripikasyon ang pangongolekta ng personal na impormasyon sa kung ano lang ang kinakailangan upang matupad ang mga responsibilidad ng aming misyon at upang magsagawa ng mga gawain na awtorisado o iniuutos ng batas o Ehikutibong Kautusan. Dagdag pa, ayon sa ibinalangkas sa pamamatnubay ng DHS at OMB, ang Sangay ng Beripikasyon ay kailangang mangolekta, gumamit, magpapanatili, at mamamahagi ng mga numero ng seguridad panlipunan (SSN) kung iniuutos lang ng nakasulat na batas o regulasyon o kung alinsunod sa isang partikular na awtorisadong layunin. Kung wala ang mga pangangailangang ito, ang Sangay ng Beripikasyon ay hindi mangongolekta o gagamit ng SSN bilang isang bukod-tanging paraan sa pagkikilanlan. Ang lahat ng personal na impormasyon na kinokolekta ng Sangay ng Beripikasyon ay may-kinalaman at mahalaga para sa mga layunin ng partikular na programa ng Beripikasyon at partikular na ipapahayag sa loob ng Sistema ng Pabatid ng Rekord (o System of Record Notice, SORN) para sa isang itinakdang sistema. Ang kasalukuyang Sistema ng Pabatid ng Mga Rekord para sa Sistema ng Beripikasyon ng Impormasyon (o Verification Information System, VIS) ay maaaring mahanap sa website ng Tanggapan sa Pagkapribado ng DHS (http://www.dhs.gov/xabout/structure/editorial_0338.shtm)

## 5. Paano ginagamit ang impormasyon?

Gagamitin ng Sangay ng Beripikasyon ang personal na impormasyon na kanyang kinolekta at iniingatan upang matulungan ang pagpapasiya sa isinasagawang determinasyon ng katayuan ng imigrasyon ng Sangay ng Beripikasyon. Ang personal na impormasyon ay gagamitin lang alinsunod sa mga layunin ng pagkolekta nito, maliban na lang kung ang ibang mga gamit ay partikular na awtorisado o iniuutos ng batas. Ang mga partikular na gamit ng personal na impormasyon na nakolekta at/o ginamit ng Sistema ng Beripikasyon ng Impormasyon (VIS) ay tinatalakay sa VIS SORN.

## 6. Sino ang magkakaroon ng akses sa impormasyon?

Ang personal na impormasyon na kinolekta at iniingatan ng Sangay ng Beripikasyon ay maaaring ma-akses alinsunod sa batas, patakaran ng DHS, at nakasulat na kasunduan sa pamamahagi sa mga ikatlong partidong organisasyon, kasama na ang mga organisasyong pampamahalaan o hindi-pampamahalaan.

## 7. Paano poprotektahan ang impormasyon?

Ang lahat ng personal na impormasyon ay "Para sa Opisyal na Gamit Lamang" at minamarkahan at hinahawakan alinsunod sa patakaran ng DHS, partikular na ang DHS 4300A *Polyeto ng Programa ng Seguridad na IT para sa mga Sensitibong Sistema (o IT Security Program Handbook for Sensitive Systems)*, at *Polyeto sa Pananggalang ng Sensitibong Impormasyon na Makakaturo ng Pagkakakilanlan* (o *Handbook for Safeguarding Sensitive Personally Identifiable Information)* ng DHS.[2] Ang personal na impormasyon ay iingatang ligtas at kompidensiyal at hindi tatalakayin, o ibubunyag sa sinumang tao sa loob o labas ng programang Beripikasyon maliban na lang kung awtorisado ng batas at ayon sa pagsagawa ng mga opisyal na katungkulan. Ang mga pananggalang, kasama na ang naaangkop na mga pagkontrola sa seguridad, ay magsisiguro na ang datos ay hindi gagamitin o i-aakses sa paraang hindi naaayon. Dagdag pa dito, ang Pinunong Opisyal sa Pagkapribado ng DHA, ang Opisyal ng Pagkapribado ng USCIS at ang Pinuno ng Sangay ng Pagkapribado, Sangay ng Beripikasyon ng USCIS, ay magrerepaso sa mga nauukol na aspeto ng programa upang masiguro na nakalagay ang mga naaangkop na pananggalang. Kasama sa mga tungkulin at mga responsibilidad ng mga empleyado ng Beripikasyon, mga may-ari ng sistema at mga ikatlong partido na namamahala o nag-aakses ng impormasyon sa programa ang:

### 7.1 Mga Empleyado ng Beripikasyon

Bilang mga tagagamit ng mga sistema at mga rekord ng USCIS, ang mga empleyado ng Beripikasyon ay:

- Mag-aakses sa mga rekord na naglalaman ng personal na impormasyon kung kailangan lang ang impormasyon sa pagsagawa ng kanilang mga opisyal na katungkulan.

- Magbubunyag lang ng personal na impormasyon para sa mga lehitimong layunin ng negosyo at alinsunod sa pinapairal na mga batas, mga regulasyon, at mga patakaran at pamamaraan ng DHS at USCIS.

### 7.2 Mga May-ari/Tagapamahala ng Sistema ng Beripikasyon

Ang mga Mag-ari/Tagapamahala ng Sistema ay:

[2] http://www.dhs.gov/xlibrary/assets/privacy/privacy_guide_spii_handbook.pdf

- Susunod sa pinapairal na mga batas, mga regulasyon, mga patakaran at pamamaraan ng DHS at USCIS sa paglilinang, pagsasakatuparan, at operasyon ng mga sistema ng impormasyon na nasa ilalim ng kanilang pangangasiwa.
- Magsagawa ng mga pagtatasa ng panganib upang makilala ang mga panganib sa pagkapribado at malaman ang naaangkop na mga pagkontrola sa seguridad upang makaprotekta laban sa mga panganib.
- Magsisiguro na ang personal na impormasyon na kinakailangan at may-kinalaman lang sa iniuutos o awtorisadong mga layunin ang makokolekta.
- Magsisiguro na ang lahat ng mga proseso sa negosyo na naglalaman ng personal na impormasyon ay may aprobadong Pagtatasa ng Epekto ng Pagkapribado. Ang mga Pagtatasa ng Epekto ng Pagkapribado ay kailangang tumugon sa naaangkop na pamamatnubay ng OMB at DHS at kailangang baguhin habang nagpapatuloy ang sistema sa mga yugto ng kanyang pagsulong.
- Magsisiguro na ang lahat ng mga personal na impormasyon ay maprotektahan at maibubunyag alinsunod sa pinapairal na mga batas, mga regulasyon, mga patakaran at pamamaraan ng DHS at USCIS.
- Gagamit lang ng personal na impormasyon para sa mga layunin ng pagkolekta nito, maliban na lang kung ang ibang mga layunin ay maliwanag na iniuutos o awtorisado ng batas.
- Magtatatag at magpapanatili ng mga administratibo, teknikal, at pisikal na pananggalang upang maprotektahan ang personal na impormasyon.

### 7.3 Mga Ikatlong Partido

Ang mga ikatlong partido ay poprotekta rin sa personal na impormasyon alinsunod sa patakaran ng pagkapribado at pamamatnubay ng DHS at USCIS.

## 8. Gaano katagal pananatilihin ang impormasyon?

Ang personal na impormasyon na kinolekta ng Sangay ng Beripikasyon ay pananatilihin at sisirain alinsunod sa pinapairal na kautusang legal at regulasyon. Alinsunod sa minungkahi sa Administrasyon ng Mga Pambansang Arkibo at Rekord, ang mga rekord ng VIS ay iingatan at pananatilihin sa repositoryo ng VIS sa loob ng sampung (10) taon simula sa petsa ng pagkumpleto ng beripikasyon. Subalit, kung ang mga rekord ng VIS ay kabilang ng isang kasalukuyang isinasagawang imbestigasyon, maaari silang panatilihin hanggang sa matapos ang imbestigasyon.

## 9. Sino ang kokontakin para sa dagdag na impormasyon tungkol sa Sangay ng Beripikasyon?

Ang mga indibidwal na kinolekta at ginamit ang personal na impormasyon ng Sangay ng Beripikasyon ay maaaring, sa hangganan ng pinahihintulutan ng batas, sumuri sa kanilang impormasyon at humiling ng pagwawasto sa mga kamalian. Kung naniniwala ang mga indibidwal na ang kanilang personal na impormasyon ay kinolekta, ginamit, o ibinunyag sa hindi nararapat na paraan ng Sangay ng Beripikasyon sa panahon ng proseso ng beripikasyon ng pagtatrabaho, mangyaring kontakin ang Suporta sa Kustomer ng USCIS sa 1-888-464-4218. Ang dagdag na impormasyon sa mga gawi ng pagkapribado at pagwawasto ng Sangay ng Beripikasyon ay ibibigay.